Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon V
Tanggapang Pansangay ng mga Paaralan ng Sorsogon

**MEMORANDUM**

**Sa mga :** Kawaksing Tagapamanihala ng mga Paaralan
Punong Tagamasid Pang-edukasyon (CID at SGOD)
Mga Tagamasid Pansangay ng Programang Pang-edukasyon
Mga PSDS, Punungguro/Pinuno ng mga Paaralan sa
mga Piling Paaralang Sekundarya sa Castilla, Donsol, at Pilar
Sa Iba pang Kinauukulan

**Mula kay :** **WILLIAM E. GANDO, CESO VI**
Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan

**Paksa :** **ORYENTASYON SA POSITIBONG DISIPLINA PARA SA ARAW-ARAW NA PAGMAMAGULANG**
(Positive Discipline in Everyday Parenting, PDEP)

**Petsa :** 27 Hunyo 2024

---

1. Ang Kagawaran ng Edukasyon Sangay ng Sorsogon sa pakikipagtulungan at ugnayan sa Educo ay nagpapabatid ng pagsasagawa ng *Pampaaralang* ***Oryentasyon sa Positibong Disiplina sa Pang-Araw-Araw na Pagmamagulang (PDEP).*** Ito ay iminumungkahing isakatuparan ng 9 na kaagapay na paaralan ng Educo anumang araw sa pagitan ng Hulyo 8-15, 2024.

2. Layunin ng tatlong oras na gawain ang pagpapaigting at patuloy na pakikibahagi ng mga magulang sa kaagapay na paaralan upang mapanatiling ligtas at higit pang mapaunlad ang mga gawain para sa proteksiyon ng mga bata. Ito ay sa pamamagitan ng pagtamo ng ankop na kasanayan at mga pagpapahalaga sa paglalapat ng balangkas ng PDEP. Bahagi ito ng pangunahing programa ng Educo sa *Systematic Approach to Engage Children in their Protection and Ensuring Safe and Protective Environment* (STEP).

3. Ang mga inaasahang kalahok sa oryentasyon ang lahat ng mga magulang ng nakatalang mag-aaral sa mga sumusunod na paaralan:

| | | | |
|---|---|---|---|
| Castilla: | Cumadcad NHS | Castilla NHS | Dinapa National HS |
| Donsol: | Donsol NCHS | Donsol VHS | Banuang Gurang HS |
| Pilar: | Pilar NCHS | Abucay NHS | Salvacion NHS |

4. Manggagaling sa Educo ang alokasyong sampung libong piso (P10,000.00) para sa gawain. Samantalang ang iba pang gugulin ay maaaring hanguin sa pondong local/MOOE o iba pang pondo ng paaralan na sasailalim sa kinagawiang pagsusuma at pagsusuri.

5. Inaasahan ang pagsusumite ng Ulat sa Napagtagumpayang Gawain dalawang linggo matapos ang pagsasakatuparan ng PDEP. Ipasa ang kopya ng ulat kay Sharon A. Vito, Tagamasid sa Programang Pang-edukasyon sa Sangay sa Pagpapatupad ng Kurikulum.

6. Para sa mga karagdagang kabatiran hinggil dito, mangyaring makipag-ugnayan kay Bb. Myra Mangampo sa 09361616302 at/o sa email na myra.mangampo@educo.org.

7. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapabatid ng Memorandum na ito.

*CID:GQT/sav*
*06/27/24*